Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

November 15, 2024

NOV 21 202

BB.ROSALIA CORTEZ
Provincial Board Secretary-OIC
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayang Kautusan/Appropriation Ordinance na napagtibay ng Sangguninang Bayan ng Cavinti, Laguna, gaya ng mga sumusunod:

1. Pambayang Kaututan Blg.043-2024– Isang Kautusang Nagtatakda at Nagtatalaga ng mga bagong Himpilan(Terminal)ng mga Pampasaherong Traysikel sa Nasasakupan ng Bayan ng Cavinti at Iba pang Takdain.
2. Municipal Ordinance No. 044-2024 – An Ordinance Creating Plantilla Positions Under the Offices of the Mayor (Bookbinder IV and Labor and Employment Officer III),Municipal Administrator (Administrative Assistant III),Municipal Health Officer (Medical Technologist I),Municipal Treasurer(Process Server),Municipal Welfare and Development Officer(Bookbinder IV) and Office of the Sangguniang Bayan(Local Legislative Staff Officer III), Aimed to Enhanced the Administrative Efficiency of the Local Government Unit(LGU) of Cavinti, Laguna, in fulfilling Its Mandate in Delivering Effective and Responsive Public Services, Defining Qualification Standards, Duties, and Responsibilities, and appropriating funds thereof.
3. Appropriation Ordinance No. 021-2024 – An Ordinance Approving Supplemental Budget No. 6 for Fiscal year 2024 of the Municipality of Cavinti, Laguna, allocating funds from Savings Generated from the Vacant Municipal Administrator Position, Amounting to Three Hundred Ninety-Two thousand Eight Hundred Nine Pesos and 85/100(Php 392,809.85) Intended for the Personal Services for the Months of November and December 2024 of the Six(6) Positions Created(2) Bookbinder IV Administrative Assistant III, Medical Technologist I, Local Legislative Officer III and Labor Employment Officer III.

Kalakip:

1. Res. No. 500-2024
   MDC Res. No.2024-008
   Plantilla Position
   LBP NO. 06/08
   SAIP

4.Appropriation Ordinance No.022-2024 – An Ordinance Approving the Proposed Supplemental Budget No. 7 & 8 of the Municipality of Cavinti to be taken from Savings of current Budget, DRMMF(Trust Fund) 2020,2022, & 2023, Continuing Appropriation 2022 and Surplus 2023 Enumerated in LBP Form No. 8(Satement of Funding Sources) to be Appropriated for the Purchase of Food and Non-Food Commodities for the Affected Families by Typhoon Aghon, for Related Yuletide Season Program, Projects and Activities, Purchase of Medical Equipment and Upgrading of Electrical System of New RHU Amounting to Thirteen Million ,Eight Hundred Nineteen Thousand, Five Hundred Thirty-Three, and Nine Centavos(P13,819,533.09).

Attachments: Res. No. 5004-2024
MDC Res. No. 2024-09
LBP N0. 8 & 9

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

NIZTSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 103 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 7 NG OKTUBRE, 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member/
Pansamantalang Nangulong Pinuno

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Milbert L. Oliveros, Pang. Punumbayan;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
(*Both on Vacation Leave*)

Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
(*on Official Business*)

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 043 – 2024**

**ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA AT NAGTATALAGA NG MGA BAGONG HIMPILAN (TERMINAL) NG MGA PAMPASAHERONG TRAYSIKEL SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI AT IBA PANG TAKDAIN.**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committee on Ordinance and Legal Matters*

**Sponsor: SB Habshan Dave D. Blastique, SB Member**
*Chairman, Committee on Public Utilities*

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na "Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991" Seksyon 17 , na ang Bayan ay kinakailangang gumamit ng mga kapangyarihan upang ayusin ang operasyon sa lahat ng mga pampublikong traysikel ng nasasakupan ng Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** itinatakda ng Seksyon 447 ng Kodigo, na Ang Sangguniang bayan, bilang lehislatibong katawan ng Bayan, ay magsasabatas ng mga ordinansa, magpapatibay ng mga resolusyon at angkop na mga pondo para sa pangkalahatang kagalingan ng bayan at ng mga naninirahan dito alinsunod sa Seksyon 16 at sa wastong pagsasakatuparan ng mga pinag-isang mga kapangyarihan ng bayan na itinatakda sa ilalim ng Seksyon 22 ng Kodigo:

**SAPAGKAT,** isinasaad din ng Seksyon 447 (3) (VI) na umaalinsunod sa mga gabay na itinakda ng Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon, isaayos ang operasyon ng mga traysikel at magkaloob ng mga prankisa para sa operasyon nito sa loob ng teritoryong nasasakupan ng bayan;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member
Presiding Officer

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

RECEIVED NOV 21 2024
Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE: 11-15-24 TIME:

**SAPAGKAT,** ang mga naunang kautusan ay kinakailangan ng baguhin upang maiangkop na ito sa kasalukuyang panahon;

**SAPAGKAT,** sa pagdaloy ng panahon ay pagdami na rin ng populasyon na nangangailangan ng transportasyon na siya ring nagiging bunga ng paglikha ng hanap-buhay sa anyo ng sasakyang traysikel;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan iminungkahi ni SB Habshan Dave D. Blastique at buong pusong sinang-ayuna ng lahat, ay

**IPINAG-UUTOS** NG KGG. Sangguniang Bayan ng Cavinti na nagkakatipon-tipon, na

**SEKSYON 1. PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay tatawagin na " MGA BAGONG HIMPILAN(TERMINAL) NG MGA PAMPASAREHONG TRAYSIKEL NG BAYAN NG CAVINTI 2024."

**SEKSYON 2. LAYUNIN.** Layunin ng Kautusang ito na mas mabatid ng mga mamamayan kung saan ang mga legal na terminal para sa kaagarang pagkuha ng mga sasakyan sa pagbyahe, higit na maisaayos , mabatid, mapadali, at makilala ng mga mamamayan ang tunay na bawat himpilan ng mga pampasaherong traysikel at ng samahan nito.

**SEKSYON 3. SAKLAW.** Nasasaklawan ng Kautusang ito ang lahat ng kinikilalang samahan ng mga pampasaherong Traysikel na bumibiyahe sa bawat lansangan at BArangay ng nasasakupan ng Bayan ng Cavinti.

**SEKSYON 4. MGA TERMINAL.** Ang mga itatalagang mga Himpilan o Terminal ng mga Pampasaherong Traysikel o ng mga Kinikilalang Samahan ng mga Magta-Traysikel ay mga Sumusunod :

**4.a. CATODA o Samahan ng Malayang Magta- Traysikel :**

4.a.1. Isang Bahagi ng Cavinti Commercial Complex Barangay Duhat;
4.a.2. Di bababa sa sampung metro mula sa Kanto ng R. Magsaysay Drive/National Road;
4.a.3. Di bababa sa sampung metro mula sa Kanto ng Sito Lual/R. Magsaysay Drive;
4.a.4. Di bababa sa sampung metro mula sa Kanto ng R. Magsaysay Drive/Bukal Road(unofficial name);
4.a.5. Di bababa sa sampung metro mula sa Kanto ng Hen. J.Cailles/daang Maypansol;
4.a.6. Di bababa sa sampung metro mula sa Kanto ng F. Oliveros/Hen. J. Cailles(aka Rotonda)
4.a.7. Hen. J. Cailles(Harapan ng Pambayang Pamilihan);
4.a.8. Harapang Bahagi ng Bagong Rural Health Yunit Barangay Duhat.

**4.b. CILTODA (Cavinti, Inao-Awan, Lumot Operators and Drivers Association);**

4.b.1. Isang Bahagi ng Cavinti Commercial Complex Barangay Duhat;

ARNEL ANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member
Presiding Officer

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

4.b.2. Tabing Bahagi ng National Road/P.Villanueva St.(a.k.a. Bagong Silang);
4.b.3. Isang Bahaging Daan ng Glory Hall Barangay Mahipon;

**4.c. BUKATODA(Bukal Tricycle Operators and Drivers Association);**

4.c.1. Isang Bahagi ng Cavinti Commercial Complex;
4.c.2. Isang Bahagi ng Daang Bukal(unofficial Name);
4.c.3. Harapang Bahagi ng New Bukal Covered Court(Daang Bukal).
4.c.4. Bukal Road Rotonda (Bayan)
4.c.5. Barangay ng Sisilmin (ilog), Sisilmin Brgy., Sisilmin – Ulapa;
4.c.6. Barangay Bukal
4.c.7. Barangay Sumucab, Sumucab (Sambat)
4.c.8. Barangay Cansuso, Sitio Cansuso, Sitio Patula, Sitio Calminoe
4.c.9. Barangay Paowin
4.c.10 Barangay Bukal – Sisilmin – Ilog
4.c.11 Barangay Bukal – Sisilimn – Ulapa
4.c.12 Barangay Bukal – Sambat (sumucab)
4.c.13 Barangay Bukjal – Sumucab
4.c.14 Barangay Bukal – Cansuso
4.c.15 Barangay Bukal –Sitio Cansuso
4.c.16 Barangay Bukal – Sitio Patula
4.c.17 Barangay Bukal – Sitio Calminoe
4.c.18 Barangay Bukal – Paowin

**SEKSYON 5. MGA KINAKAILANGAN SA PAG-A-AAPLY NG PERMISO SA PAGTE-TERMINAL AT IBA PANG TAKDAIN.**

5.1. Ang Terminal ay dapat na itinatag ng mga lehitimong samahan ng mga magta-traysikel at ito ay kinilala ng Pamahalaang Lokal ng Cavinti at ng Pamahalaang Barangay;
5.2. Ang Samahan o Asosasyon ay kinilala ng Pamahalaang Lokal ng Cavinti at ng pamahalaang Barangay;
5.3. Ang Terminal ay hindi nakakasagabal sa daloy ng trapiko;
5.4. Ang Terminal ay may sapat na pinamamahalaan ng Asosasyon;
5.5. Ang Samahan at mga kasapi nito Driver man at Operator ay kinakailangang tumatalima sa mga Pambayang Kautusan o Ordinansa hinggil sa mga kalinisan, Batas pang-trapiko, at iba pang takdain na pinaiiral;
5.6. Ang Terminal(lalo't higit ang Punong Terminal) ay kikilalanin din sa pamamagitan ng paglalagay ng billboard at signboard;
5.7. Kinakailangan ding magsumite ng Barangay Clearance/Indorso ng Punong Barangay na nakakasakop at lokasyon nito;
5.8. Kinakailangang patay ang makina habang nakapila;
5.9. Ang Terminal ay hindi kinakailangang gamitin sa pagkukumpuni ng Traysikel;
6.0. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusugal at pag-iinum sa mga itinalagang Terminal;

**SEKSYON 6. SISTEMA NG OPERASYON AT PAMANTAYAN SA TERMINAL.** Ang Pamahalaang Bayan (MTFRB) ay maaaring magbigay o lumikha pa ng mga karagdagang pangangailangan sa sistema ng operasyon at iba pang pamantayan sa mga itinalagang Terminal ng mga pampasaherong traysikel. Lahat ng terminal

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member
Presiding Officer

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

ay iuuring pansamantalang talaga dahil ito ay maaaring ipagbigay daan sa ngalan ng kaunlaran, pagbabago sa mga kalsada at istraktura para sa kaunlaran ng pangkalahatang publiko o mamamayan.

**SEKSYON 7. PERMISO SA PAGTE-TERMINAL.** Ang Punumbayan sa pamamagitan ng *Business Permits and Licensing Office* (BPLO) ang siyang mag-iisyu ng Permiso sa Pagte-Terminal (*Terminal Permit*) sa bawat Samahan o Asosasyon ng mga magta-Traysikel (TODA) kapag sumusunod sa mga pamantayan ng Kautusang ito.

**SEKSYON 8. HALAGA NG TERMINAL PERMIT.** Isang Libong Piso (Php1,000.00) bawat taon na babayaran sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman at mag-re-renew rin bawat taon;

**SEKSYON 9. PAG-I-INSPEKSYON SA TERMINAL.** Ito ay iinspeksyonin o bibisitahin ng itinalaga ng Pamahalaang Lokal ng Cavinti kung tumutugon sa lahat ng kinakailangan ng wastong pagte-terminal;

**SEKSYON 10. PAG-KANSELA SA PERMISO NG PAG-TE-TERMINAL.**

10.1. Na ang Samahan na hindi tumatalima sa mga itinakda ng Kautusang ito at/o alinmang bahagi ng mga pamantayan o kondisyon ng Permiso ng pagte- Terminal;
10.2. Na sa Pampublikong Interes at pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan na kung kinakailangan ito ay mabuwag;
10.3. Na ang Permiso sa pagte-Terminal ay hindi na-Renew.

**SEKSYON 11. MGA IPINAGBABAWAL AT KAPARUSAHAN.** Maaaring magkaroon ng kaparusahan o multa sa mga mapapatunayang lumabag gaya ng mga sumusunod :

**11.1. Illegal na Pagte-Terminal**

| | |
|---|---|
| 11.1.a. Unang Paglabag | -Liham ng pagsaway na ipapadala sa Pamunuan; |
| 11.1.b. Ikalawang Paglabag | -Tatlong Daang Piso (₱300.00); |
| 11.1.c. Ikatlong Paglabag | -Limandaang Piso (₱500.00) |

**11.2. Illegal Parking**

| | |
|---|---|
| 11.2.a. Unang Paglabag | -Liham ng Pagsaway ; |
| 11.2.b. Ikalawang Paglabag | -Tatlong Daang Piso(₱300.00); |
| 11.2.c. Ikatlong Paglabag | -Limandaang Piso (₱500.00) |

**Seksyon 12. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Na ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON 13. – HIWALAY NA SUGNAY .** Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas

ARNTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member
Presiding Officer

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**SEKSYON 14. – PAGKAKABISA.** Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan , dumaan sa isang pampublikong-pandinig, at hustong napag-aralan at kinilala ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskel sa mga hayag na lugar at *Official Social Media Account* ng Sangguniang Bayan sa loob ng Labin-Limang (15) araw.

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 103 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika- 7 ng Oktubre 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**ATTESTED:**

**KGG. CHARLES CLIFFORD F. MATTA**
**SB MEMBER AND PRESIDING OFFICER**

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**

**Date Signed :** 11-20-2024

**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Cavinti**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KATITKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG TUNGKOL SA **"ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA AT NAGTATALAGA NG MGA BAGONG HIMPILAN (TERMINAL) NG MGA PAMPASAHERONG TRAYSIKEL SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI AT IBA PANG TAKDAIN** NA GINANAP NOONG IKA-02 NG HULYO 2024, SA BULWAGANG PULUNGAN PAMBAYAN.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA, TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN;
SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE, TAGAPANGULO-LUPON SA TRANSPORTASYON
SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN; KASAPI AT
SB GODFREY L. LUBUGUIN, KASAPI.

PANAUHIN: (see attached attendance)

PAGTALAKAY SA PAKSA:

Binuksan ni SB Romel J. Villanueva ang Pampublikong Pagdinig sa ganap na ika-10:03 ng umaga.Pinasalamatan niya ang lahat-lahat ng nagsidalo sa patawag na ito sa pagbibigay ng sapat na oras at pag-aabala para makapagbahagi ng kaalaman sa kasalukuyang panahon sa pagbabalangkas ng ordinansa upang ito ay higit na maging maayos at kapakipakinabang. Sang-ayon pa kay SB Romel J. Villanueva ang paksa ay dumaan na rin sa isang Committee Hearing at noon ay ipinatawag na ang pamunuan/*representative* ng CATODA, CILTTODA at BUCATODA na kung saan sa simula pa lang ng pagpupulong ay pinaalalahanan ng kagawad ang tatlong samahan na ang pag-uusapan lamang ay tanging sa *Identification* ng mga Terminal at hindi kasama ang rota/pamasahe at iba pang isyu sa pagbyahe. Kaya muli tulad ng naging paala-ala ng kagawad na kung may mga nais magbigay ng pahayag ay iyon lamang may kaugnayan sa terminal ng mga traysikel. Ngunit aniya'y magbibigay din naman daw ng sapat na panahon para pag-usapan ang ibang isyu.

Ibinabalita ni SB Romel J. Villanueva na minsan daw ay nakasabay niya sa paglalakad ng Punong Bayan Arrantlee R. Arroyo at napagkwentuhan nila ang tungkol sa itatayong *Grand Terminal* sa Barangay Duhat at ito daw ay malapit ng maisakatuparan. Sapagkat may pondo ng gagamitin para sa proyekto at dito sa Sangguniang bayan binalangkas. Sang-ayon pa sa kagawad na sa kadahilanang ang panahon ay patuloy na umuusad at kaalinsabay din ang pagdami ng tao/pasahero, kung kaya't dumadami din ang samahan ng gaya ng pampublikong sasakayan dito sa ating bayan. Tulad daw sa Kanluran Talaongan na dati ay walang terminal ngunit ngayon ay magkakaroon na doon sa may proyekto ng pabahay sa nasabing barangay.

Binanggit din ni SB Romel J. Villanueva na ang Committee ng Peace and Order ay ipinatawag rin sa Pampublikong Pagdinig dahil sila daw ang kadalasang tinatawag kapag may okasyon lalo na kung may kaguluhang nagaganap. Paglilinaw din ng kagawad na ang taripa at rota ng mga magtata-trasikel ay ang MTFRB ang gumagawa nito ngunit ito ay ibinababa sa Sangguniang Bayan upang pagtibayin at ng maging isang batas, kaya muli paalala ni SB Romel J. Villanueva na hindi ang konseho ang gumagawa ng taripa at rota.

Sa pagpapatuloy ng pagpupulong ay kinilala ni SB Romel J. Villanueva ang bawat isang nasa kapulungan. Kasunod nito, tinunghayan ang sipi ng panukalang ordinansa at binasa ito sa hapag upang bigyan ng komento/suhestyon o kung sino pa ang mayroon nais na magbigay ng opinyon para sa iba pang hakbangin na magiging gabay sa pagsasakatuparan ng proyekto.

Matapos basahin ni SB Romel J. Villanueva, ibinahagi niya ang tungkol sa pagti-terminal ng CILTTODA dito sa Poblacion. Noon daw siya ay Punong Barangay pa kung kailan ay hiniling nila na makapagterminal ng byaheng pa Lumot at ang ginawa niya ay piangharap ang dalawang samahan at pumayag din naman ang CATODA, kaya pinagbigyan daw ng kagawad ang naging kahilingan. Kaya aniya'y kung may hindi pagkakaunawaan ay si SB Romel J. Villanueva din ang namamagitan sa kanila. Magkagayun pa man, kaugnay nga sa mga Bagong Terminal na pinag-uusapan, tagubilin ng kagawad sa lahat ng asosasyon ng mga pampublikong sasakyanang na maghintay-hintay pa ng konteng panahon at magkakaoon na rin ng katuparan ang *Grand*

*Terminal* sa Barangay Duhat na ito daw ang nakikita ni SB Romel J. Villanueva na makakatulong na maresolba ang probelma sa pagbyahe.

Paglilinaw ni Barangay kagawad ng Poblacion , Alex Bullosos at itinanong sa hapag kung ang proyekto ng *Grand Terminal* ay para sa Traysikel lamang o kasama ang terminal ng *jeep*? At doon na rin magbaba ng mga pasahero?

Sang-ayon kay SB Romel J. Villanueva ang *Grand Terminal* na itatayo sa Brgy. Duhat ay para sa lahat ng pampublikong sasakyan na bumibyahe dito sa Cavinti at aniya'y ang tungkol sa pagbababa ng mga pasahero ay sa susunod na daw na mga panahon ito pag-usapan kapag mayroon ng *Grand Terminal*.

Kaugnay pa rin sa proyekto ng Grand Terminal na kung saan ay sinabi ni G. Arnel Noceja, noon daw ay nagkaroon na ng pahapyaw na pag-uusap tungkol rito at ang sabi ng Punong Bayan at ng inhenyero ng pamahalaang lokal na doon daw ay magkakaroon lamang ng isang pasukan (entrance) at isang labasan (exit) upang maayos ang sistema.

Pasasalamat sa lahat ng nagbigay ng oras sa patawag na ito ang ipinararating ni SB Godfrey L. Lubuguin. Kasunod ang pagbibigay ng komento sa bahagi ng ordinansa**, seksyon 5-(6.0) Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusugal at pag-iinum sa mga itinalagang terminal.** Dahil naging kapansin-pansin sa kagawad na may nagtawanan sa ibang panauhin matapos basahin ni SB Romel J. Villanueva ang probisyong ito at itinanong ni SB Godfrey L. Lubuguin kung bakit sila'y ganoon ang naging *reaction*? Sa kadahilanang walang nagpahayag para tugunin ang katanungan, kung kaya't ang kagawad na rin ang nagpaliwanag ng tungkol dito. Sinabi ni SB Godfrey L. Lubuguin na kaya siguro sila nagtawanan ay dahil kadalasan daw ang terminal ang ginagawang inuman at sugalan. Sa puntong ito nakiki-usap at hinihiling ni SB Godfrey L. Lubuguin na iwasan ang magsugal at mag-inuman sa terminal lalo na kung bumibyahe, sapagkat aniya'y ang mga driver/operator ay may kaakibat na responsibilidad sa buhay ng mga pasahero at pananagutan din nila ang kung ano mang masamang nangyari sa oras ng kanilang pagbyahe.

Sinabi ni G. Abner Lubuguin, ang tulad ng nabanggit ni SB Godfrey L. Lubuguin ay nakakarating daw naman sa pamunuan ng CATODA. Ngunit ayon kay G. Abner Lubuguin, sa dami ng myembro ng samahan ay hindi lahat sumusunod kahit na sinasabihan. Kaya opinyon niya na ang tungkol sa bagay na ito ay ang pulis ang may kapangyarihan. Nabanggit din ni G. Abner Lubuguin na tulad rin daw ng paradahan sa may palengke na lagi niyang pina-aalalahanan ang mga ka-miyembro na hanggang dalawa (2) o tatlo (3) lamang ang dapat na naandoon ngunit hindi iyon nasusunod.

Tungkol pa rin sa itatayong *Grand Terminal* sa may Junction, hiniling ni G. Abner Lubuguin na mabigyan din ng terminal doon sa may bagong RHU.

Sang-ayon kay SB Romel J. Villanueva siguro ang tulad ng kahilingan ni G. Abner Lubuguin ay sa barangay na lamang na nakakasakop sa bagong RHU humiling kung nais ng CATODA na magkaroon termina doon. Dahil aniya'y ngayon ay may ordinansa ang mga Barangay tungkol sa Tax and Revenue code kung saan ang pagtiterminal ay nakapaloob na din dito.

Paglilinaw naman ni G. Rolando Bullosos sa terminal ng CATODA sa may Calvario at itinanong niya sa hapag kung iyon daw ba ay legal? Sapagkat ayon sa kanya ay wala siyang nababasa na basehan sa kanyang hawak na papeles tungkol sa terminal doon.

Bilang tugon ni SB Romel J. Villanueva sa pagkaalam niya ay ang terminal sa may rotonda sa Calvario ay legal a matagal na rin pinagti-terminalan ng CATODA. Siguro daw ayon sa kagawad na kaya lamang nagkakaroon ng kalituhan ay dahil sa pangalan ng kalye sapagkat ang nakalagay daw lumang ordinansa ay De Leon St. Samantalang iyon daw ay karugtong ng Oliveros Street sa kahabaan ng kalye hanggang rotonda.

Bilang karagdagang impormasyon kung saan ay sinabi ni Punong Barangay Delsife F. Feraer na sana daw ang gawing terminal ay iyong hindi nagiging sagabal sa daan at hindi rin delikado ang lugar. Tulad daw ng terminal doon sa may Sitio Lual at doon sa may Magsaysay kung saan daw ay sobrang kurbada ng kalsada at malapit din sa paaralan kaya napakadelikado sa mga estudyante. Kaya hiling ng Punumbarangay na ang terminal ay huwag maging *obstruction* sa daanan.

Sang-ayon pa kay G. Rolando Bullosos na ang rotonda daw ay hindi dapat ginagawang terminal sapagkat kadalasan ay nagiging sanhi ito ng trapik.

Itinanong naman ni SB Godfrey L. Lubuguin ang eksaktong lugar na ginagamit na terminal ng CATODA sa may Calvario?

Sinabi ni G. Abner Lubuguin na ang terminal nila ay simula doon sa rotonda sa may pababa sa may Casinto patungong Father's House at doon sa may Pag-asa.

Suhestyon ni SB Godfrey L. Lubuguin na siguro daw mas maganda ay doon sa may *Print Shop* ang gawing terminal ng CATODA at kung ma-aari ay maglagay lamang ng halimbawa'y isa (1)/ dalawa (2) traysikel doon para hindi magkasikip at hindi rin makasagabal kapag may dumadaan na mga four (4) wheels . Gaya daw ng nabanggit ni Punong Barangay Delsife Feraer na ang terminal ay huwag hayaang maging *Road obstructions.* Ipinararating din ng kagawad na doon daw sa may lugar na pinag-uusapan kadalasan ay *double parking* hindi lamang ang traysikel at maging ang mga four (4) wheels na ito ang isa ring nagiging problema. Sinabi ni SB Godfrey L. Lubuguin na hindi naman daw niya sinasagkaan ang paghahanap buhay ng magtatraysikel at aniya'y ito'y mga suhestyon at paalaala lamang para sa ika-aayos ng bawat isa.

Komento naman ni G. Leonardo Arroyo sa terminal sa may Father's House at doon sa may Pag-asa na kung ito daw ay nakakasagabal sa daloy ng trapiko dapat daw isa na lamang ang gawing terminal.

Sinabi ni G. Abner Lubuguin na kailangan daw ay mapag-aralan munang mabuti kung ano man ang mga gagawing pagbabago ng terminal dahil aniya'y nakagawian na ng mga tao ang mga kasalukuyang terminal at kung minsan ay ang mga pasahero ay basta kumakaway na lamang sa magtatraysikel para sumakay.

Ipinararating din ni G. Rolando Bullosos na doon daw sa terminal ng BUCATODA sa may Father's House ay walang masyadong sumasakay na pasahero sa kanila at minsan din daw na sa halip na ituro ng CATODA ang terminal ng BUCATODA sa mga pasaherong patungo sa kanilang nirorotahan ay sa jeep itinuturong sumakay at kapag walang jeep na bumibyahe at bumalik ang pasahero ay sila (CATODA) na ang naghahatid. Kaya sa puntong ganito ay hiniling ni G. Rolando sa hapag na paglapitin na lamang ang terminal ng CATODA at BUCATODA doon sa may rotonda o kaya naman daw ay doon sa may Bukal Road.

Paalaala ni SB Romel J. Villanueva na kung ano ang ibinigay ng pamahalaan/MTFRB na lugar kung saan ang terminal ay iyon ang dapat sundin.

Bilang karagdagang impormasyon, sinabi ni G. Abner Lubuguin na sa kanyang pagkaalam ay bawal magparking sa may Bukal Road at doon daw ay may mga *jeep* na byahing patungong Paowin, kaya aniya'y bawal din magterminal doon.

Pinasalamatan ni SB Romel J. Villanueva si G. Abner Lubuguin sa pagbibigay ng impormasyon at aniya'y hindi alam ng kagawad na bawal gawing terminal doon sa Bukal Road at ito daw ang isa sa mga dahilan kung bakit ang katulad nila ay inaanyayahan sa ganitong patawag ay upang makapaghatid ng ibang kaalaman na hindi alam ng iba.

Dito ay nabanggit din ni Punong Barangay Delsife F. Feraer ang tungkol sa terminal sa may Calvario at sa may Bagong Bayan na ito daw ay napag-usapan din sa pagpupulong ng Liga ng mga Barangay at may mga nagrereklamo dahil nagiging sanhi ng trapiko. Gayundin, dahil ang mga nabanggit na lugar ay kurbada/sobrang liko na maaari ring maging sanhi ng aksidente. Suhestyon rin ng Punumbarangay na dapat ay sa isang bahagi lamang ng kalsada ang pagparadahan.

Sinabi ni SB Godfrey L. Lubuguin, ang terminal ay may sinusunod na agwat sa mga kantohan at sa kanyang pagkaalam, dapat daw ay 10 meters away sa kanto pero iyong iba ay masyadong malapit, kaya bagay na ipinaalala ng kagawad na ang tungkol sa distansya ay kailangang alam ng bawat isa.

Bilang karagdagang paliwanag sinabi ni SB Romel J. Villanueva na halos lahat ng pagti-terminal ay MTFRB ang gumagawa, ngunit iyong dito sa Poblacion, gaya ng noon ay nabanggit na sa dahilan sa ang CILTTODA ay nakiusap sa kagawad noong panahong siya ay Punong Barangay pa na magkaroon ng terminal dito sa bayan at ang kanyang ginawa bago payagan ni SB Romel J. Villanueva ay pinagharap muna ang dalawang TODA at pumayag ang CATODA, kaya ito ay hindi basta-basta mababaliwala. Kaya panawagan ng kagawad na magpakiusapan, magsama-sama at magkaroon ng wastong unawaan ang bawat isa para sa ika-aayos sa paghahanap-buhay. Tagublin pa din ni SB Romel J. Villanueva na gumawa ng tamang hakbangin dahil ang pakay ng ordinansang pinag-uusapan ay bagong *version* ng mga terminal ng traysikel.

Opinyon naman ni Barangay Kagawad ng Lumot Joven Flores na siguro daw ang isa sa nakikita niyang makakatulong para masolusyunan ang problema ay dapat magkaroon ng dispatcher sa terminal at gumamit ng handheld radio upang sakali't may pasahero ay maitawag sa driver ng nakapilang traysikel at sa puntong ito ay hindi magkakasikip sa terminal at hindi rin magkakaagawan sa pasahero.

Sang-ayon kay SB Godfery L. Lubuguin ay pare-pareho namang may mga pinupunto sa talakayan at siguro nga kung doon sa may Print Shop/sa may gasolinahan ni G. Esguerra maglalagay ng terminal at dalawa (2)/tatlo (3) lamang na traysikel ang naandoon at may magdi-dispatcher para sa susunod na pipila, siguro daw kapag ang ganito'y masusund ay hindi na masyadong magiging sagabal sa daanan.

Batay sa nagiging daloy ng talakayan, sinabi ni SB Habshan Dave Blastique na maganda naman ang nagiging opinyon at mga suhestyon sa hapag , tulad ng radio hindi lamang daw sa terminal ng traysikel ito magandang gamitin at maging sa terminal ng *jeep*. Ayon sa kagawad ay napakahalaga ng *communication* sa bawat isa. Dagdag pa ng niya na dahil ang BUCATODA daw ay hindi napila sa may Bukal Road at napapansin daw na doon nasakay ang mga papuntang may Bukal, kaya ayon sa kagawad, sana naman daw ay tangkilikin kung alin ang bumibyahe sa isang lugar at siguro daw nga kung gagamit ng *radio* ay maitatawag sa BUCATODA, kaya ayon sa kagawad ay *the best ang proper communication*.

Sinabi ni G. Rolando Bollusos na kaya hindi daw sila pumipila sa may Bukal road ay sapagkat kapag doon sila (BUCATODA) pumila ay mainit ang tingin ng CATODA, samantalang hindi naman nila itinuturo ang terminal ng BUCATODA.

Tagubilin ng lupon na dapat ay magpakisamahan, magbigayan at mag-unawaan para sa kanilang maayos na paghahanapbuhay.

Itinanong ni SB Godfrey L. Lubuguin kay G. Abner Lubuguin, kung sakali't isa (1)/dalawa(2) na traysikel lamang ang papipilahin doon sa may Print Shop, ito daw ba'y kakayaning ipatupad?

Tugon ni G. Abner Lubuguin na maipatutupad daw sa CATODA , lamang ang nagiging problema ay ang mga 4 wheels na mga sasakyang nakaparada lagi doon sa may Print Shop.

Ipinararating ni SB Romel J. Villanueva na nagkaroon na ng pagpupulong ang mga kinauukulang opisyales ng pamahalaan kaugnay sa mga *road obstruction*, kaya susulatan na ang mga Punong Barangay upang ipatupad ang batas ukol rito.

Paglilinaw ni G. Leonardo Arroyo at itinanong niya sa hapag kung pweding mag-terminal ang BUCATODA doon sa may Bukal Road?

Itinanong ni SB Godfrey L. Lubuguin kay G. Leonardo kung may bumibyahe pang *jeep* na papunta sa may Bukal? At tugon ni G. Leonardo Arroyo na mayroon pang paisa-isa; umaga, tanghali at hapon.

Opinyon ni SB Godfrey L. Lubuguin na siguro daw ay pweding pumila ang BUCATODA sa may Bukal Road sa may terminal ng *jeep* at maglagay lamang ng isa (1) hanggang tatlong (3) traysikel para magkabigayan.

Muli, sinabi ni SB Romel J. Villanueva ang pagbibigayan /maayos na samahan at unawaan ang napakalaking tulong para malutas ang problema. Tagubilin din ng kagawad na iisa naman daw tayo ng ginagalawan kaya maging maayos sana ang ating komunidad Dagdag pa ng kagawad na sa pamamagitan ng mga suhestyon/opinyon ay nagkakatulungan sa pagbabalangkas ng ordinansa. Paglilinaw pa ng kagawad kung ang CATODA ba ay pumapayag na magkaroon na maglagay ng traysikel ang BUCATODA doon gaya ng nabanggit ni SB Godgrey na Lugar?

Bilang Pangulo ng CATODA sinabi ni G. Abner Lubuguin na payag naman daw siya, ngunit may paki-usap na sana daw ay huwag ng magaya sa ginawa ng CILTTODA na matapos na pagbigyan na makapagterminal ay sila pa ang matatapang sa pagbyahe. Nag-aalala si Pangulo na sa ngayon ay wala pang hindi magandang mangyayari subali't balang araw daw ay baka magkaroon din sa ng problema sa BUCATODA. Dagdag pa ni G. Abner Lubuguin na iginagalang nila (CATODA) kung ano ang desisyon ng munisipyo at handang sumunod sa mga ipinatutupad ng pamahalaan para sa ikagaganda ng bayan.

Sa pagtatapos ni SB Romel J. Villanueva, sinabi na ang dating ordinansa tungkol sa terminal ay iri—revise kaya ang bagong terminal ay nakalahad upang isaayos ang pagbabalangkas at ng ito

ay maisunod na rin sa paglakad ng panahon. Gaya ng Grand Terminal ito daw ay malapit ng maisakatuparan.

Bilang huling mensahe ni SB Godfrey L. Lubuguin, tagubilin sa bawat samahan na sana ay laging magkaroon ng maayos na pag-uusap, pairalin ang pagtutulungan, mag-unawaan at huwag magsiraan at huwag ding laging mainit ang ulo para masolusyunan ang ano mang nagiging problema upang maging maayos ang paghahanapbuhay.

Sapagkat wala ng nais pang magbigay ng pahayag tungkol sa naging paksain, kung kaya't iminungkahi ni SB Habshan Blastique na ang panukalang kautusan na may pamagat na" **"ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA AT NAGTATALAGA NG MGA BAGONG HIMPILAN (TERMINAL) NG MGA PAMPASAHERONG TRAYSIKEL SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINT** ay mailiwat na sa ikalawang pagbasa. Pinangalawahan ni SB Stephanie Princess P. De Guzman at sinang-ayunan ng lahat sa kapulungan ang naging mungkahi.

Tinapos ang Pampublikong Pagdinig sa gana pa ika-11:17 ng umaga.

Inihanda ni:

ZAINE A. LACOSTALES
Admin. Asst. I

MAY KINALAMAN:

SB ROMEL J. VILLANUEVA
TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN

SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
TAGAPANGULO-LUPON SA TRANSPORTASYON

SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
KASAPI

SB GODFREY L. LUBUGUIN
KASAPI

Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Cavinti

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

## ATTENDANCE SHEET

| | |
|---|---|
| MEETING: PUBLIC HEARING<br>BAGONG HIMPILAN (TERMINAL) NG TRAYSIKEL | DATE: 7-2-2024<br>TIME: |

| NAME | BRGY / OFFICE | CP NUMBER | SIGNATURE |
|---|---|---|---|
| ERVILUZ S. LUNA | K. TSLODHIAN | 09486803850 | |
| JOVEN C. FLORES | MAHIPON | 09067251530 | |
| ALEX P. BULLOSOS | K. POBLACION | 09853747215 | |
| ARNEL J. NOGEJA | LAYASIN | 0910-509-9037 | |
| CONRADO PRINCIPE | SIL. TALAONGA | 0961-534-9133 | |
| AMIEL A. VILLANUEVA | MAHIPON | 09630993511 | |
| SHARONNIE R. JAMER | B. SILANG | 09613457812 | |
| ABNER R. LUBUGUIN JR | CATODA | | |
| Jay M. Perej | K. Tibatib | 09304640502 | |
| LANDY B. TORRES | BULAJO | 09649622665 | |
| ABEL QUEJADA | | 09126968930 | A Q ADA |
| Manuel Gallardo | Inao-Awan | | |
| Delaife F. Teracr | Inao-awan | 09091924961 | |
| GODFREY LUBUGUIN | SB | | |
| DE GUZMAN STEPHANIE | SB | | |
| BLASTIQUE, HABSHAN | SB | | |
| ROMEL J. VILLANUEVA | SB | 09774234095 | |
| LEONARDO C. ARROYO | Bucatoda | | |
| Rolando O Bullosos | Bucatoda | 09701170314 | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |